**Kagalang-galang na Kalahok ng NDIS**

Ang sulat na ito ay tungkol sa Quality and Safeguards Commission (Komisyon ng Kalidad at mga Pananggalang) ng NDIS.

Maikli itong tinatawag na Komisyon ng NDIS.

Magsisimula ito sa South Australia at New South Wales sa 1 Hulyo 2018.

Sisiguraduhin ng Komisyon ng NDIS na ang suporta na makukuha mo sa pamamagitan ng NDIS ay mabuti at ligtas.

May karapatan ka upang maging ligtas at makatanggap ng mga mabubuting de-kalidad na serbisyo.

May karapatan ka na magsagawa ng reklamo.

**Ano ang gagawin namin**

Siguraduhing tinatrato ka nang mabuti ng mga serbisyo.

Sabihin sa mga manggagawa na kailangan nilang sumunod sa mga patakaran sa Code of Conduct (Mga Alituntunin ng Kagandahang Asal) ng NDIS.

Ipaulat sa mga serbisyo ang pang-aabuso, kapabayaan at iba pang masamang bagay.

Magbigay ng impormasyon at payo upang maging mas mabuti ang mga serbisyo.

**Okey lang na magreklamo**

Maaari kang magsagawa ng reklamo tungkol sa suporta na iyong natatanggap sa pamamagitan ng NDIS.

Makipag-usap muna sa iyong tagapagbigay ng serbisyo.

Maaari kang makakuha ng tulong mula sa pamilya, kaibigan o manananggol.

Kung ang serbisyo ay hindi tutulong sa iyo o hindi mo gustong makipag-usap sa kanila, humiling sa **Komisyon ng NDIS**.

Makikinig kami sa iyo at susubukan naming gawing mas mabuti ang sitwasyon.

**Magsagawa ng reklamo**

Makakagawa ka ng reklamo sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa telepono.

Telepono: **1800 035544 (libre ang tawag mula sa mga landline).**

O maaari mong kumpletuhin ang form para sa reklamo sa aming website na www.ndiscommission.gov.au

Ang aming opisina ay magbubukas sa 2 Hulyo 2018.

Makakakuha ka ng mas maraming impormasyon mula sa mga serbisyo ng adbokasiya at impormasyon.

Ang pagsasalita ay makakatulong upang gawing mas mabuti ang mga bagay para sa iyo at sa ibang tao.

Sumasainyo,



**Graeme Head**

Hinirang na Komisyoner ng NDIS